



# Ligtas na Pagbisita sa Carewest

## Safe Visiting at Carewest

Pakisuri ang sumusunod na impormasyon bago pumasok sa aming care center para matukoy ang iyong panganib. **Kung mataas ang panganib mo, huwag bumisita.** (Please review the following information before entering our care centre to assess your level of risk. **If you are high risk, please don't visit.**)

### Mababa ang panganib (Low risk):

- Hindi nagtatrabaho o nakatira sa lugar na mataas ang antas ng pagkakalantad sa COVID-19
- Nagtatrabaho mula sa bahay
- Bahagi ng maliit na grupo (15 tao o mas kaunti) na palaging nagsasagawa ng pisikal na pagdistansya at nagsusuot ng mask kapag hindi magagawang magpanatili ng distansya
- Hindi nagkaroon ng bisita sa bahay sa nakalipas na 14 araw
- Bumibisita ng (mga) residente sa isang lugar sa isang araw
- Bumibiyahe lang kapag kailangan
- Gumagamit ng sariling sasakyan
- Palaging nagpapanatili ng 2 metrong distansya mula sa mga tao sa labas ng bahay sa lahat ng aktibidad
- Nagsusuot ng mask kapag hindi magagawang panatilihin ang pisikal na pagdistansya
- Regular ang pagpapanatili ng hygiene ng kamay
- Hindi bumiyaha sa ibang lalawigan sa loob ng nakalipas na 14 na araw

### Mataas ang panganib (High risk):

- Nagtatrabaho o nakatira sa lugar na mataas ang antas ng pagkakalantad sa COVID-19
- Nagtatrabaho sa labas ng bahay sa mga lugar kung saan hindi palaging nagpapanatili ng pagdistansya at hindi palaging nagsusuot ng mask
- Nagtatrabaho o bumisita sa isang lokasyon na idineklarang may pagkalat ng COVID-19 sa nakalipas na 14 na araw
- Bahagi ng isang malaking grupo (higit sa 15 tao)
- Ang grupo ay hindi palaging nagsasagawa ng pisikal na pagdistansya at nagsusuot ng mask kapag hindi magagawang magpanatili ng distansya
- Nagkaroon ng mga bisita sa bahay sa nakalipas na 14 araw
- Bumibisita ng (mga) residente sa maraming lugar sa isang araw
- Bumibiyahe kung saan may posibilidad na may nakaugnayang iba pang tao sa labas ng bahay
- Gumagamit ng pampublikong transportasyon o nagka-carpool kung saan hindi palaging napapanatili ang pagdistansya at hindi palaging nagsusuot ng mask
- Hindi nagpapanatili ng pisikal na pagdistansya at hindi nagsusuot ng mask
- Hindi madalas o hindi regular ang pagpapanatili ng hygiene ng kamay
- Bumiyaha sa ibang lalawigan sa nakalipas na 14 na araw.

Kung matukoy mo na mababa ang panganib mo at bibisita ka sa site, kakailanganin mong magpanatili ng pisikal na pagdistansya na 2 metro/6 na talampakan at na magsuot palagi ng mask. laatas din sa iyo na bumisita lang sa isang nakatalagang lugar (kuwarto ng kliyente, lugar ng pagbisita na nasa labas) at huwag magpaikot-ikot sa lugar.

**Kapag dumating na, ang mga bisita sa mga lugar ng continuing care ay daraan sa routine na pag-screen sa entrance papunta sa lugar. Kung nararanasan mo ang mga sumusunod na sintomas, hinihiling namin sa iyo na huwag bumisita sa aming care center (Upon arrival, visitors to continuing care sites will go through routine screening on entrance to the site. If you are experiencing the following symptoms, we ask that you not visit our care centre):**

- Lagnat na mas mataas sa 38° C
- Ubo
- Kinakapos na paghinga o nahihirapang huminga
- Pananakit ng lalamunan
- Panlalamig ng katawan o pananakit ng kalamnan/kasukasuan
- Masakit na paglunok
- Tumutulong supon o baradong ilong
- Masama ang pakiramdam
- Pagkahilo, pagsusuka, o pagtatae
- Kawalan ng ganang kumain
- Kawalan ng panlasa at pang-amoy
- Pananakit ng ulo
- Pinkeye

Kung nararanasan mo ang anuman sa mga sintomas na ito, huwag magtangkang bumisita sa aming site. Magpaikedyul na lang ng pagpapa-test sa pamamagitan ng pagtawag sa HealthLink sa 811 o pag-online sa [site ng Self-Assessment para sa COVID-19 para sa Albertans](#).

**Hinihiling din namin sa iyo na huwag bumisita sa aming care center kung ginawa mo ang mga sumusunod (We also ask that if you have done the following, you do not visit our care centre):**

- Bumiyahe sa labas ng Canada sa nakalipas na 14 na araw.
- Nagkaroon ng malapitang pakikipag-ugnayan nang walang proteksyon (harap-harapang pakikipag-ugnayan nang may distansyang 2 metro/6 talampakan o mas malapit) sa isang taong bumiyahe sa labas ng Canada sa nakalipas na 14 na araw at may sakit.
- Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ka ba ng malapitang pakikipag-ugnayan nang walang proteksyon sa isang taong may sakit?
- Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ng malapitang pakikipag-ugnayan nang walang proteksyon sa isang taong iniimbestigahan o nakumpirmang may COVID-19
- Sa nakalipas na 14 na araw, nagtrabaho ka ba bilang kasama sa isa pang continuing care center o may binisita ka bang isang tao roon? Kung oo, pakitukoy ang pasilidad at mga petsa kung kailan bumisita:

*Salamat sa iyong kooperasyon. Sama-sama nating mapapanatiling ligtas ang ating mga residente, kliyente, at tauhan.*